REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 32

KAPASIYAHAN NA KINOKONDENA ANG HINDI MAKA-DIYOS AT HINDI MAKATAONG PAGPASLANG KAY G. ALBINO A. PARADINA ANG ATING DEVELOPMENT PLANNING OFFICER AT TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY SA KANYANG NAIWANG MGA MAHAL SA BUHAY.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang maagang pagpanaw ni G. Albino A. Paradina ay malaking kawalan hindi lamang sa kanyang pamilya, mga magulang, mga kapatid, mga kaibigan kungdi na rin ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, bilang mga bumubuo ng Sangguniang Bayan ay minsan pa nating ipadama at ipakilala ang ating marubdob na pag-alala at pagmamahal sa ating yumaong kasamahan at kaibigan sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay taos-pusong nakikiramay sa mga naulila at bilang panghuling paggalang ay pinagkaisahan ng buong kapulungan na mag-alay ng koronang bulaklak , makipaglamay at sumama sa paghahatid sa huling hantungan ng yumao nating kasamahan at higit sa lahat ang pagbibigay ng tulong sa mga naulila.

PINAGPASIYAHAN PA MULI, na basahin ang kapasiyahang ito ni Kgg. Konsehal Epifanio A. Espeleta, Majority Floor Leader sa maiksing programa bukas sa huling parangal kay G. Albino A. Paradina at pati na rin ang pagbibigay ng sipi nitong kapasiyahan sa mga naulila.

PINAGTITIBAY ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan nitong ika-27 ng Hunyo, 1988 sa kanilang panglabing siyam (19th) na pangkaraniwang pulong base sa mungkahi ni Kgg. Konsehal Nemesio Moz• at pinangalawahan ni Kgg. Konsehal Alejandro Martinez.

PINATUTUNAYANG TOTOO,

ATTY. JAIME R. FRESNEDI
Pansamantalang Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim

PINAGTITIBAY: Hunyo 27, 1988